

# Walang trabaho?

**Nawalan ka ba ng trabaho o nabawasan ba ang iyong oras ng trabaho?**  
Maghain at mamahala ng iyong paghahabol sa Unemployment Insurance (UI) gamit ang UI Online<sup>SM</sup>!

**[www.edd.ca.gov/UI\\_Online](http://www.edd.ca.gov/UI_Online)**

## I-access ang UI Online upang:

- Maghain o muling magbukas ng paghahabol.
- Magpa-certify para sa mga benepisyo at mas mabilis na mabayaran.
- Makuha ang iyong pinakahuling paghahabol at impormasyon ng pagbabayad.
- Makatanggap ng mga mahalagang abiso gaya ng mga paalalang magpa-certify para sa mga benepisyo.
- Matingnan ang mga personal na appointment at appointment sa telepono.
- Magsumite ng mga tanong.
- At higit pa!

Available ang UI Online Mobile<sup>SM</sup> para sa mga user ng smartphone at tablet.

Maaari kang maghain ng bagong paghahabol gamit ang UI Online sa mga oras na nakalista sa ibaba:

Lunes	4 a.m. - 10 p.m.
Martes - Biyernes	2 a.m. - 10 p.m.
Sabado	2 a.m. - 8 p.m.
Linggo	5 a.m. - 8:30 p.m.

Kapag naihain mo na ang iyong paghahabol, maaari mong i-access ang UI Online anumang oras para matingnan at mapamahalaan ang iyong paghahabol.

Tingnan ang kabilang pahina upang malaman kung paano mag-set up ng UI Online account.




# Magsimula ngayon!

## Gumawa ng Impormasyon sa Pag-log In sa Online na Mga Programa ng Benepisyo

Kung mayroon ka nang impormasyon sa pag-log in sa Online na Mga Programa ng Benepisyo, maaari mong laktawan ang hakbang na ito.

- Bisitahin ang **www.edd.ca.gov/BPO** at piliin ang **Register (Magparehistro)**.
- Tanggapin ang mga tuntunin at kundisyon upang magpatuloy.
- Maglagay ng personal na email address na ikaw lang ang gumagamit at gumawa ng password.
- Pumili ng personal na larawan at caption. Pumili at magsagot ng apat na tanong na panseguridad.
- Tingnan ang iyong email. Piliin ang natatanging link sa loob ng 48 oras pagkatanggap ng email upang kumpletuhin ang proseso o kung hindi ay magsisimula kang muli.




**Mahalaga:** Tingnan ang folder ng junk/spam kung hindi mo nakikita ang mensaheng ito sa iyong inbox.

## Maghain ng iyong Paghahabol sa UI

Mag-log in sa Online na Mga Programa ng Benepisyo at piliin ang **UI Online** upang makapagsimula.

- Piliin ang **File a Claim (Maghain ng Paghahabol)**.
- Basahin ang Mga Tagubilin sa **UI Claim Filing (Paghahain ng Paghahabol sa UI)**. Piliin ang **Next (Susunod)** upang magpatuloy.
- Ibigay ang iyong pangkalahatang impormasyon, impormasyon ng huling employer, at kasaysayan ng pagtatrabaho.
- Suriin ang impormasyong ibinigay mo sa **Summary Page (Page ng Buod)** at pagkatapos ay piliin ang **Submit (Isumite)**.



**Tandaan:** Pagkatapos isumite ang iyong paghahabol, makikita ang page ng pagkumpirma. Maaari mong itabi ang iyong numero sa pagkumpirma para sa iyong mga rekord.

## Magparehistro sa UI Online upang Magpa-certify para sa Mga Benepisyo

Mag-log in sa Online na Mga Programa ng Benepisyo at piliin ang **UI Online** upang simulan ang pagpaparehistro. Kakailanganin mong ibigay ang sumusunod na impormasyon:

- Pangalan at apelyido katulad ng nakalagay sa iyong paghahabol.
- Petsa ng kapanganakan.
- Social Security number.
- Numero ng Account ng Customer sa EDD.\*



\*Kung isa kang bagong customer ng UI, maghintay nang 10 araw ng negosyo pagkatapos maghain ng paghahabol upang matanggap ang iyong EDD Customer Account Number sa pamamagitan ng liham.